Mga Bagong Batas sa Paghadlang sa Karahasan

1989 Batas na Pamproteksyon sa Pantahanan at Pampamilyang Karahasan

ANO ANG BAGO?

Simula noong ika-10 ng Marso, 2003 may mga pagbabagong ginawa sa *1989 Batas na Pamproteksyon sa Pantahanang Karahasan (Pampamilyang Proteksyon).* Ang batas na ito ay pinamagatang *1989 Batas na Pamproteksyon sa Pantahanan at Pampamilyang Karahasan (Domestic and Family Violence Protection Act 1989).* Ipinagpapatuloy nitong saklawin ang "mga asawa" at kabilang rin ngayon ang:

- Matalik na mga Relasyong Personal
- Mga Relasyong Pampamilya
- Mga Relasyong Hindi-pormal na Pag-aalaga

MGA RELASYONG NASASAKLAW NG BATAS

- **Mga Relasyong Mag-asawa** - kabilang ang mga taong kasal, magkahiwalay o diborsyado; mga taong may magkapareho o magkasalungat na kasarian na namumuhay o namuhay nang magkasama bilang mag-asawa; at tunay na mga magulang ng isang bata. Ang edad o gulang ay walang kinalaman sa kategoryang ito.

- **## Matalik na mga Relasyong Personal** - kabilang ang mga taong nagbalak o may balak na magpakasal o naipangako sa isang tao ayon sa kultura o pangrelihiyong tradisyon, at mga taong may kapareho o kasalungat na kasarian na nagkaroon o nasa pagtitipanang relasyon at kung saan ang kanilang buhay ay naging magkasalabid. Ang edad o gulang ay walang kinalaman sa kategoryang ito.

- **Mga Relasyong Pampamilya -** kabilang ang mga taong 18 taong gulang o higit pa na ipinalalagay na kamag-anak ng bawat isa sa dugo o sa kasal o kung saan ang isang tao ay tunay na itinuturing na kamag-anak kagaya ng malawak na pagka-unawa ng kamag-anak na ginagamit ng mga taong aborihinal, mga taga-isla ng Torres Straight at ilang mga komunidad na ang pinanggalingan ay Hindi-Ingles ang wika.

- **Mga Relasyong Hindi-pormal na Pag-aalaga** - kabilang ang mga relasyong ang isang tao ay nagbibigay ng personal na pag-aalaga sa isa tao dahil sa kapansanan, karamdaman o kahinaan; ang pag-aalaga ay nagsasangkot ng gawaing kailangan para sa araw-araw na pamumuhay kagaya ng paliligo o pagkain; ang kasunduan sa pag-aalaga ay ginawa nang walang pormalidad kaysa sa dumaan sa pormal na ahensiya ng pag-aalaga.

##PAGKAKASALABID "ENMESHMENT"

Ang ideya ng pagkakasalabid ay ginagamit upang masabi ang kaibahan ng pasumalang pagtitipanang mga relasyon buhat sa mga relasyon na kung saan ang buhay ng mag-asawa ay may apekto sa isa't isa. Ang mga relasyong ito ay mahirap na ipaliwanag at ang batas ay nagbibigay ng ilang patnubay para sa mga hukuman sa pagpapasiya kung ang pagkakasalabid ay umiiral. Maaaring isaalang-alang ng hukuman ang haba ng relasyon, ang kalimitan ng kontak, ang lagay ng pagiging matalik at saklaw at abot ng pangako. Ang relasyong seksual ay hindi kailangan upang ang pagkakasalabid ay umiral.

MGA BATA

Ang *1989 Batas na Pamproteksyon sa Pantahanan at Pampamilyang Karahasan* ay hindi ginagamit sa mga taong wala pang 18 taong gulang sa anumang relasyon na nagsasangkot ng isang magulang o miembro ng pamilya. Ang sistema ng Pambatang Proteksyon ay ginagamit sa mga pagkakataong may karahasan o pag-abuso sa pagitan ng isang taong wala pang 18 taong gulang at ng kanyang mga magulang o mga miembro ng pamilya (ngunit hindi asawa).

PAKAHULUGAN NG KARAHASAN

Ang pantahanan at pampamilyang karahasan ay tungkol sa isang tao na gumagamit ng pang-abusong mga taktika upang pigilin ang isang tao. Ang pang-abusong mga taktika ay maraming mga bagay kabilang ang talagang paggawa o pagbabanta na gagawin ang alinman sa mga sumusunod:

- Sadyang pananakit sa ibang tao – halimbawa pagsuntok, pagsampal, pagpalo, pagsakal, pagsipa, pagtulak

- Sadyang pagsira sa ari-arian ng ibang tao – halimbawa pananakit sa alagang hayop, pagsira sa kasangkapan, pagbutas sa mga dingding, pagsira sa mga ari-arian

- Pananakot o panliligalig ng ibang tao – halimbawa paulit-ulit na pag-abusong pasalita o pandamdamin, pagtawag ng iba't ibang pangalan, mga insulto, panghihiya, paulit-ulit na pagtelepono, pagsunod nang pasubok; o sa kaso ng isang tagapag-alaga, pagbabantang ititigil ang pag-aalaga sa isang taong may kapansanan

- Ang mahalay na asal sa ibang tao nang walang pahintulot ay kasama, ngunit ito ay hindi lamang ang hindi gustong seksual na asal o kilos.

Ang ilan sa mga ganitong asal o kilos, halimbawa pagpalo, pagsakal, pagsira sa ari-arian at pagsunod nang pasubok ay kasama sa mga pagkakasalang kriminal at ang aksiyon ay maaaring gawin sa ilalim ng *Alituntuning Kriminal (Criminal Code*) bilang karagdagan sa aplikasyon para sa Kautusang Pamproteksyon (Protection Order).

PAANO AKO MAKAKUKUHA NG PROTEKSYON?

1. Kung kailangan mo ng madaliang tulong, kontakin ang Pulisya. Kailangang siyasatin ng pulisya ang iyong sitwasyon at maaaring gumawa sila ng aplikasyon para sa Kautusang Pamproteksiyon para sa iyo. Ang pulisya ay maaaring mag-aplay para sa isang Kautusan nang walang kang pahintulot kung naniniwala silang ito ay kailangan.

2. Ikaw ay maaaring pumunta sa isang Estasyon ng Pulisya o sa Bahay-Hukuman at kumpletohin ang isang aplikasyon para sa Kautusang Pamproteksyon.

3. Ikaw ay maaaring magbigay ng autoridad sa isang taong may-sapat na gulang (halimbawa kaibigan, kamag-anak, tagapayo) upang gawin ang aplikasyon para sa iyo.

Ang Pulisya sa Hukuman ay makatutulong sa iyo na ipakita ang iyong aplikasyon sa Mahistrado. Ang ilang mga hukuman ay mayroon ding mga panghukumang suportang mga tauhan na espeyalista sa karahasang pantahanan na maaaring makatulong sa iyo.

ANONG PAGKAKAIBA ANG MAGAGAWA NG KAUTUSANG PAMPROTEKSYON?

Ang Kautusang Pamproteksyon ay nagbibigay ng mga kondisyon sa asal o kilos ng taong gumagamit ng karahasan (tinatawag na kalaban (respondent) upang mahadlangan ang karagdagang karahasan. Ang mga kautusan ay maaaring gawing nababagay sa tanging mga kalagayan ng taong nangangailangan ng proteksyon. Ang lahat ng mga Kautusan ay nagsasabi na ang taong gumagawa ng karahasang pantahanan ay kailangang magkaroon ng mabuting asal o kilos at hindi gumawa ng karahasang pantahanan. Ang Hukuman ay maaaring magpataw ng tiyak na mga kondisyon na magpapatigil sa kalaban na gawin ang mga bagay kagaya ng:

- Paglapit sa iyong lugar na tinitirahan, pinag-aaralan o pinagtatrabahuhan.
- Pagtigil sa tahanan na inyong pinagsunuan
- Pagpunta nang malapit o nasa loob ng mga agwat na (halimbawa 100m) sa iyo, sa iyong mga kamag-anak o mga iba pang binabanggit sa kautusan.

ANO ANG TUNGKOL SA MGA SANDATA o ARMAS?

Sa ilalim ng *1990 Batas sa mga Sandata (Weapons Act 1990)*, ang mga lisensiya sa mga sandata ng isang taong binabanggit bilang kalaban (respondent) sa Kautusang Pamproteksyon ay pawawalang – bisa at hindi maaaring mag-aplay para sa panibagong lisensiya hanggang limang (5) taon ang makalipas simula nang gawin ang Kautusan. Ang mga kalaban na may makukuhang mga sandata sa kanilang paraan ng pagtatrabaho at hindi kailangan ang lisensiya para dito (halimbawa tauhan ng Pulisya ng Qld, mga taong nasasangkot sa paggawa, pagbubuo, paghahatid o pagbobodega ng mga sandata o mga gawaing pang-experimento / siyentipiko) ay hindi papayagang magkaroon ng sandata sa buong panahon ng Kautusang Pamproteksyon (karaniwang dalawang taon).

KARAGDAGANG IMPORMASYON AT TULONG

Kung ikaw ay nasa kagyat o madaliang panganib tumawag sa 000

Mga Serbisyo ng Legal na Tulong sa Queensland:
- Yunit sa Pantahanang Karahasan (Domestic Violence Unit) ph 1300 651 188 (mga lalaki at mga babae)
- Pangkababaihang Legal na Tulong (Women's Legal Aid) ph 1300 651 188

Pangkababaihang Legal na Serbisyo
(Women's Legal Service) ph 1800 677 278 o 07 3392 0670 (Brisbane)

Dvconnect – Panteleponong Serbisyo sa Pantahanan at Pampamilyang Karahasan
(Domestic and Family Violence Telephone Service) (DFVTS):
- Linya ng Pangkababaihang Pantahanang Karahasan (Women's Domestic Violence Line) ph 1800 811 811 (24 oras/ 7 araw)
- Linyang Panlalaki (Men's line) – para sa mga lalaki ph 1800 600 636 Lunes – Biyernes (9am – 5pm)

Suportang Serbisyo sa Imigranteng mga Kababaihan
(Immigrant Women's Support Service) (IWSS) ph 3846 3490 (Brisbane)
Website: www.iwss.org.au

Pangkababaihang Legal at Pagtataguyod na Serbisyo para sa Aborihinal at taga-isla ng Torres Strait
(Aboriginal and Torres Strait Islander Women's Legal and Advocacy Service)
Ph 1800 442 450

Kinections ph 07 3435 4300
www.kinections.com.au

Crimestoppers ph 1800 333 000

Yunit sa Paghadlang ng Abuso sa Matatanda
(Elder Abuse Prevention Unit ph) 1300 651 192 (oras ng opisina)

Kontak na Lokal

Central Queensland University Where Students Come First.
Centre for Social Science Research
Queensland Government Department of Families